Chris Minns
Premier of New South Wales

Sophie Cotsis
Minister for Industrial Relations
Minister for Work Health and Safety

Steve Kamper
Minister for Lands and Property
Minister for Multiculturalism
Minister for Sport
Minister for Jobs and Tourism

# Media Release

## Nakatakdang magbukas ang unang Sentro ng mga Migranteng Manggagawa ng NSW

*Huwebes, ika-21 ng Mayo 2026*

Ang Pamahalaang Labor ni Minns ay naglunsad ngayon ng unang Sentro ng Migranteng Manggagawa (Migrant Workers Centre) sa estado, na maghahatid sa aming pangako na gawin itong sentro na magpoprotekta sa bawat manggagawa sa estadong ito, saan man ang kanilang pinagmulan.

Ang mga migranteng manggagawa ay matagal nang nanganganib sa kakulangan ng sahod, hindi ligtas na mga kondisyon at tahasang pagsasamantala, na sumisira sa mga karapatan at proteksyon ng mga manggagawa sa buong estado.

Ang Migrant Workers Centre ay inaasahang susuporta sa 2,000 na mga manggagawang nanganganib bawat taon sa pamamagitan ng tulong na nakakaunawa sa kultura at konektado sa komunidad, kung saan ang Pamahalaang Labor ni Minns ay nangako ng $6.5 milyon sa apat na taon upang ihatid ang mga serbisyong ito.

Napatunayan na ng Mga Unyon sa NSW (Unions NSW) kung ano ang posibleng gawin, sa kanilang pagsuporta sa mahigit 3,000 na mga pansamantalang migranteng manggagawa sa pamamagitan ng kanilang pakikipagtulungan sa Visa Assist sa Sentro ng Payo at Karapatan ng Imigrasyon (Immigration Advice and Rights Centre (IARC)), ang tanging programa sa NSW na nag-aalok ng payong legal sa trabaho at imigrasyon sa ilalim ng iisang bubong.

Ang ilang mga ulat mula sa Pamahalaang Pederal, Pamahalaang Estado at mga institusyon ng pananaliksik tulad ng The McKell Institute, ay nagbigay-diin sa limitadong Ingles, kawalan ng pag-unawa sa mga batas ng trabaho sa Australya, at hindi sapat na pag-access sa suporta bilang mga kadahilanan ng panganib na pagsasamantala.

Sa pamamagitan ng tanggapan sa Sydney CBD at serbisyo sa buong estado, ang Centre ay makakaabot sa mga migranteng manggagawa sa metro, rehiyonal, rural at liblib na mga komunidad, dahil naniniwala ang Labor na bawat manggagawa ay nararapat sa proteksyon, saanman sila nakatira o saan man ang kanilang pinagmulan.

Ito ay bilang karagdagan sa aksyon na nagawa na ng Pamahalaang Labor ni Minns upang patibayin ang mga karapatan ng mga manggagawa sa buong estado pati na ang sa pamamagitan ng:

- Pagturing sa industrial manslaughter bilang krimen

- Pagbawal sa manufactured stone (materyal na gawa ng tao na nagmumukhang bato), paglunsad sa rehistro ng mga manggagawa ng silica at pagpapalawak ng mga kapangyarihan ng mga manggagawa upang magsagawa ng pagsusuri sa hangin ng silica sa paghuhukay ng tunnel
- Pagtatag ng isang awtoridad sa Pananakot at Sekswal na Panliligalig (Bullying and Sexual Harassment) sa unang pagkakataon, na may mga kapangyarihan para sa Komisyon sa Ugnayang Pang-industriya (Industrial Relations Commission) na magpalabas ng mga naipapatupad na mga kautusan at mga bayad-pinsala
- Pagtatag sa SafeWork bilang nag-iisang namamahala (regulator) na may higit pang mga inspektor
- Pagdaragdag ng mga multa para sa hindi pagsunod sa mga kautusan ng SafeWork.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Migrant Workers Centre sa NSW, mangyaring bisitahin ang: https://www.migrantworkers.org.au/atp_nsw

Ayon kay Premier of New South Wales Chris Minns:

“Bawat manggagawa sa NSW ay dpat maging ligtas sa trabaho, binabayaran nang wasto at tinatrato nang patas saanman ang kanilang pinagmulan.

“Itong bagong Centre ay makakatulong sa mga manggagawa na maunawaan ang kanilang mga karapatan, humingi ng suporta kapag may masamang nangyari, at makakatulong na alisin ang pagsasamantala sa mga industriya kung saan ang mga nanganganib na manggagawa ay madaling mapagsamantalahan.

“Kapag sinasamantala ang mga manggagawa, pinapababa nito ang mga kondisyon para sa lahat. Kaya ito ay tungkol sa pagprotekta sa mga pamantayan, pagiging patas at pagsunod sa batas ng mga lugar ng trabaho sa buong NSW.”

Ayon kay Minister for Work Health and Safety Sophie Cotsis:

“Lahat ng mga manggagawa ay nararapat tratuhin nang may paggalang, binabayaran nang patas at ligtas na nakakauwi mula sa trabaho sa pagtatapos ng araw.

“Alam namin na sa ilang mga industriya, ang mga migranteng manggagawa ay maaaring biktimahin at binibiktima at ang bagong Centre na ito ay makakatulong sa mga manggagawa na alamin kung ano ang kanilang mga karapatan sa trabaho at makakuha ng tulong kung sila ay hindi tinatrato nang patas.

“Kami ay nakikinig sa mga manggagawa at mga unyon, at ang Pamahalaan ng NSW ay nangako ng $127.7 milyon sa apat na taon sa SafeWork NSW upang masiguro ang mas ligtas na mga lugar ng trabaho. Kabilang dito ang pinakamalaking pagpapabuti sa mga inspektor kung saan ang karagdagang 20 na dedikadong mga psychosocial inspector ay itinalaga.”

Ayon kay Minister for Multiculturalism Steve Kamper:

“Ang mga masisipag na mga migrante ay tumulong sa pagbuo ng ating estado upang maging ano ito ngayon. Kaya ito ang dahilan kung bakit ang Pamahalaang Labor ni Minns ay naglulunsad sa unang dedikadong Migrant Workers Centre ng NSW, dahil ang fair go ay mawawalan ng kahulugan kung ito ay hindi para sa lahat.

“Ang katotohanan ay mayroong mga migranteng manggagawa na kulang ang sahod, pinagtatrabaho sa mga hindi ligtas na kondisyon, o pinaparamdam sa kanila na hindi sila makakapagreklamo dahil natatakot silang mawalan ng kanilang visa.

“Ngayon, sinisiguro namin na alam ng bawat migranteng manggagawa ang kanilang mga karapatan, at may suporta upang magsalita kung sila ay nakakaramdam ng pagsasamantala.”

Ayon kay Unions NSW Secretary Mark Morey:

“Ang Unions NSW ay matagal nang nagtatanggol at tumutulong sa mga migranteng manggagawa.

“Ang paglulunsad ng Migrant Workers Centre sa NSW ay isang mahalagang susunod na hakbang tungo sa pagkalas ng sistematikong pagsasamantala ng mga migranteng manggagawa.

“Lahat ng mga manggagawa sa New South Wales at Australya, saan man ang kanilang pinanggalingan o anuman ang katayuan ng kanilang visa, ay may karapatan sa ligtas at makatarungang mga kondisyon ng trabaho.”

MEDIA:

Zack Solomon | Premier | 0414 638 904

Melissa van der Haak | Minister Cotsis | 0482 771 351

Elaine Kintis | Minister Kamper | 0419 184 392